

# SUPPLEMENTAL LESSONS

**Filipino Baitang 2  
Ikalawang Markahan**



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

2

Log on to [www.rexinteractive.com](http://www.rexinteractive.com)

## Aralin 1: Pagtukoy Sa Kahulugan Sa Tulong Ng Pahiwatig: Ang Tahanang May Gulong

### A. Panimula

Magsulat ng isang pahuhulaang salita gamit ang mga pangungusap tungkol sa salita.

**M** \_\_\_\_\_ **N** – tawag sa mga taong naninirahan sa isang bansa o lugar.

Mga Tanong:

1. Paano malalaman ang sagot o ang salitang tinutukoy?
2. Ano ang tawag sa mga titik na nakatutulong upang malaman ang kahulugan ng salita?

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pampanitikan

Ang mga pahiwatig na titik ay nakatutulong sa pag-alam ng kahulugan ng salita. Natutukoy ang salitang binibigyang-kahulugan sa tulong ng hugis ng mga titik nito.

Pakikinig: Babasahin sa klase ang akda habang ang mga mag-aaral ay sinusundan ng tingin ang pagbabasa sa kanilang mga kopya.

#### Ang Tahanang May Gulong

Nakasakay sa dyip ang maglola na sina Aling Luming at Renchie. Kinalabit ni Renchie ang kanyang lola. "Lola, tingnan po ninyo ang tindahang iyon. Bakit po may gulong?" tanong ni Renchie.

"Isa iyan sa maraming tindahang nag-aalok ng mga murang paninda. Proyekto iyan ng ating pamahalaan. Mamaya ka na lamang magtanong pagdating natin sa bahay. Mas maiintindihan mo ang mga sagot sa iyong tanong," payo ni Lola Luming.

Nakarating na sa bahay ang maglola. Hindi nakalimutan ni Renchie ang mga bagay na gusto niyang malaman tungkol sa tindahang may gulong.

### Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

### Pamantayang Pagganap:

Nakagagamit ng may pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita, paggamit ng mga palatandaang nagbibigay kahulugan (*context clues*) o kahulugan ng salita.

### Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng tekstong napakinggan.
2. Nakagagamit ng may pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita,

“Ano-ano po ang mabibili sa mga tindahang tulad noon?” muling tanong ni Renchie.

“Puwedeng bumili ng pagkain tulad ng karne ng baboy, baka, at manok. May mga palaman din para sa tinapay. Kung minsan may mga isda, gulay, at iba pa. May tinda rin silang bigas. Mayroon ding pandesal,” paliwanag ni Lola Luming.

“Bakit po gustong-gusto ng maraming tao na bumili roon, Lola?” tanong ni Renchie.

“Higit na mababa ang halaga ng mga bilingin sa mga ganoong tindahan kaysa sa iba. Ito ang paraan ng pamahalaan para makatulong sa mga mahihirap na mamamayan,” ang sagot ni Lola Luming.

“Mabuti po ang ginagawa ng ating pamahalaan. Marami po akong nakikitang mahihirap na pamilyang hindi makabili ng pagkain sa palengke at tindahan. Mahal po kasi,” wika ni Renchie.

“Apo, tungkulin ng pamahalaan na gumawa ng paraan para malutas ang suliranin sa pagkain ng mga tao,” ang paliwanag muli ni Lola Luming.

“Ganoon po ba iyon, Lola? Ano pa po ang ginagawa ng pamahalaan para matulungan ang mga tao?” ang tanong muli ni Renchie.

“Ang pamahalaan ay namamahagi ng mga libreng buto ng mga gulay na itanim. Nagpapautang din sila sa mga magsasaka sa napakababang tubo o interes. Dinaragdagan din ang *budget* sa pagasaka. Nagpapadala din sila ng mga taong magtuturo ng mga makabagong paraan ng pagtanim,” ang masayang pagpapaliwanag ni Lola.

“Lola bakit hindi na lamang po magpatayo ng mga permanenteng tindahan ang pamahalaan?” muling pagtatanong ni Renchie.

“Ang nais ng pamahalaan ay mabilis na makatulong sa maraming mahihirap na tao. Kung may gulong ang tindahan, mas mabilis na at mas maraming lugar itong mapupuntahan,” ang tugon ni Lola Luming.

“Inay, Renchie. Halina kayong kumain!” ang anyaya ni Aling Lita.

paggamit ng mga palatandaang nagbibigay kahulugan (*context clues*) o kahulugan ng salita.

“Wow! Ang dami nating ulam ngayon, Inay!” ang malakas na nasabi ni Rennie.

“Syempre. Mura kong nabili ang lahat ng iyan sa tindahang may gulong sa harap ng *City Hall*,” ang wika ni Aling Lita.

Nagkatinginan ang maglola. Sabay silang napangiti.

**Sanngunian:** *Buklod 2*, pahina 270,  
Carmelita B. Dizon at Liza M. Demi

## 2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Isulat ang mga tamang titik upang mabuo ang kahulugan ng mga salita. Gawing patnubay ang una at huling pahiwatig na titik.

- Bahagi ng prutas na itinatanim.  
B\_\_o
- Mababang halaga  
M\_\_a
- Gawaing dapat isagawa  
T\_\_\_\_\_n

## 3. Kasanayang Panggramatika

Ang mga **pahiwatig na titik** ay nakatutulong sa pag-alam ng kahulugan ng salita. Natutukoy ang salitang binibigyang-kahulugan sa tulong ng hugis ng mga titik nito. Mas madaling nauunawaan ang sagot sa salitang hinahanap kung ginagamitan ito ng sapat na impormasyon tungkol sa salita.

Mga halimbawa:

- Dito tayo bumibili ng mga pagkain.  
T\_\_d\_\_n
- Ginagamit natin upang makapagbasa  
A\_\_t

#### 4. Pagpapayaman

Ipasagot ang mga tanong upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa pinakinggang kuwento.

- a. Ano ang nakatawag ng pansin kay Renchie?
- b. Ano-ano ang bagay na mabibili sa tindahang may gulong?
- c. Bakit may gulong ang tindahan ng pamahalaan?
- d. Paano tumutulong ang pamahalaan sa paglutas ng suliranin sa pagkain?

#### 5. Pagpapalawig

Buuin ang salitang dapat gamitin ayon sa diwang sinasabi ng pangungusap.

- a. Ang mga \_\_\_\_\_ ay tumutulong sa pamahalaan sa pagpaparami ng pagkain sa bansa.
- b. Maraming mabibili sa \_\_\_\_\_ ng pamahalaan.
- c. Madaling hanapin ang kanilang tindahan dahil may \_\_\_\_\_ na itong lugar sa palengke.
- d. Mababa ang \_\_\_\_\_ ng mga bilihin sa mga tindahan ng pamahalaan.
- e. Masarap na \_\_\_\_\_ sa tinapay ang keso.

#### C. Kongklusyon

Magkakaroon ng pagsasaliksik ang mga mag-aaral tungkol sa mga taong tumutulong sa ating komunidad upang mapababa ang presyo ng bilihin at pangangailangan ng mga tao sa araw-araw. Bibigyang-diin din ang mga gawi at kulturang Pilipino na nasa akda upang makita ng mga mag-aaral ang mga pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to [www.rexinteractive.com](http://www.rexinteractive.com)

### **Paglalahat**

Bigyang-diin muli ang mga pahiwatig na titik ay nakatutulong sa pag-alam ng kahulugan ng salita.

### **Pagpapahalaga**

Lagyan ng puso ang tapat ng bilang na nagpapahayag ng tamang hangarin.

- \_\_\_\_\_ 1. Magtanim ng mga gulay.
- \_\_\_\_\_ 2. Bumili ng sobrang pagkain para sa pamilya.
- \_\_\_\_\_ 3. Huwag mag-aksaya ng pagkain.
- \_\_\_\_\_ 4. Kumain ng madalas sa restoran.
- \_\_\_\_\_ 5. Tumulong sa pagtanim ng mga punong namumungahan.

## Aralin 2: Wastong Paggamit ng Pang-uri

### A. Panimula

Basahin ang mga salitang nagsasabi ng katangian ng bawat larawan.



Ma-tan-da



Ma-sus-tan-siya



Ma-li-it

Mga tanong:

1. Ano ang tawag sa mga salitang nagsasabi ng katangian sa mga larawan?
2. Maaari kayang pagpalit-palitin ang mga salitang naglalarawan para sa bawat larawan?
3. Ilang hati mayroon ang unang salita? Ang ikalawa? Ang ikatlo?
4. Ano ang tawag sa bawat hating ito ng mga salita?
5. Paano hinahati ang mga salita?

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pangwika

May mga **pang-uring** ginagamit sa paglalarawan ng bawat pangngalan. Kung minsan, may mga pang-uring para lamang sa tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari.

Ang **pantig** ay ang bawat hating salita o ang bawat buka ng bibig sa pagbigkas ng salita.

#### 2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ipagawa ang Gawain A at B upang maging pamilyar ang mga mag-aaral sa salitang naglalarawan.

### Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

### Pamantayang Pagganap:

Nakasusunod sa mga panutong nakalaan.

### Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nakasusunod sa nakasulat na panutong 2-3 hakbang.
2. Nakapaglalarawan ng mga bagay tao, pangyayari, at lugar.
3. Napapantig ang mas mahabang salita.



A. Itiman ang tatsulok ng pang-uring maaaring gamitin sa larawan.



1. △ maganda    △ maliit    △ mabigat



2. △ malungkot    △ masaya    △ mabilis



3. △ bilog    △ makulay    △ masarap



4. △ mahirap    △ malambot    △ maingay

B. Pantigin ang sumusunod na mga salitang naglalarawan na may tatlo hanggang limang pantig. Ipasulat ito na nahahati sa pantig tulad ng ginawa sa bilang isa.

1. Maganda                      ma-gan-da
2. Mapagkakatiwalaan      \_\_\_\_\_
3. Makintab                     \_\_\_\_\_
4. Mahahalaga                 \_\_\_\_\_
5. Maiingay                      \_\_\_\_\_

### 3. Pagpapayaman

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain A at B upang matutuhan nila ang pagsunod at pagbibigay ng panuto.

- a. Paano maaring malutas ng mga Pilipino ang suliranin sa pagkain?

Lagyan ng puso ang tapat ng bilang na nagpapahayag ng tamang hangarin.

- \_\_\_\_\_ 1) Magtanim ng mga gulay.
- \_\_\_\_\_ 2) Bumili ng sobrang pagkain para sa pamilya.
- \_\_\_\_\_ 3) Huwag mag-aksaya ng pagkain.
- \_\_\_\_\_ 4) Kumain nang madalas sa restoran.
- \_\_\_\_\_ 5) Tumulong sa pagtanim ng mga punong namumunga.

- b. Sabihin sa mga mag-aaral na magbigay sila ng panuto kung paano makapagtitipid sa sumusunod na mga gawain:
- Pagsisipilyo
  - Paliligo
  - Pagkain
  - Paggamit ng papel sa eskuwelahan
  - Pagtanim

### C. Kongklusyon

Magkaroon ng isang pangkatang gawain kung saan pag-uusapan ng bawat grupo kung paano sila makatutulong sa pamayanan sa pamamagitan ng isang mabisang proyekto.

#### Paglalahat

May mga **pang-uring** ginagamit sa paglalarawan ng bawat pangngalan. Kung minsan may mga pang-uring para lamang sa tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari.

Ang **pantig** ay ang bawat hati ng salita o ang bawat buka ng bibig sa pagbigkas ng salita.

#### Takdang Aralin

Magpagawa ng isang takdang aralin o simpleng proyekto tungkol sa paggawa ng mga panuto upang maging maayos ang isang paaralan. Maaaring pangkatang gawain ito. Ipasusulat sa *illustration board*

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

ang mga panutong nagawa ng mga mag-aaral.  
Palagyan ito ng larawan o drowing at pakulayan.

Maaaring ipagawa ang panuto tungkol sa:

1. Pagpila nang tama sa kantin
2. Paglalagay ng pinagkainan sa tamang lagayan sa kantin
3. Pag-awit ng Lupang Hinirang
4. Pagbasa nang tahimik

### Aralin 3: Pagkilala sa mga Salitang Kilos o Pandiwa (Bata... Makakatulong Ka!)

#### A. Panimula

Magpabasa ng mga pangungusap sa mga mag-aaral.

1. Naglalaro si Jojo sa sala.
2. Anong kabutihan ang makukuha mo rito?
3. Sila ay binigyan ng gantimpala.

Mga Tanong: (pagkatapos ng paglalahad ng mga ipinabasa)

1. Ano ang mga salitang may salungguhit?
2. Ano ang tawag sa mga salitang ito?

#### B. Katawan

##### 1. Kasanayang Pampanitikan

Pakikinig: Babasahin sa klase ang akda habang ang mga mag-aaral ay sinusundan ng tingin ang pagbabasa sa kanilang mga kopya.

#### Bata... Makatutulong ka!

Kasalukuyang **naglalaro** ang bunsong si Jojo sa sala.

“Ano ka ba naman Jojo? Ang daming kalat dito sa sala. May plastik, may metal, lata, at kung ano-ano pang basura,” ang pagalit na **sabi** ni Coring sa kapatid.

“Oo nga anong kabutihan ang makukuha mo riyan sa mga basurang iyan?” ang tanong ni Gina sa kapatid.

“Mga anak **pabaya**n niyo lamang ang inyong kapatid,” ang pakiusap ng ina. “Jojo, **ilagay** mo lamang sa isang lalagyan iyang mga kagamitan mo sa paglalaro, anak. **Nagagalit** ang mga kapatid mo dahil nagiging makalat ang sala.”

“Opo, Inay” ang magalang na sagot ni Jojo. “Gusto ko po kasing **makagawa** ng mga laruan gamit ang mga kagamitang ito.” “Alam mo bang maaari kang **magbigay** dangal sa ating bansa dahil sa kagustuhan mong gumawa ng laruan?” ang nakangiting wika ng ina.

#### Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

#### Pamantayang Pagganap:

Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

#### Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod.
2. Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

“Tama anak, ang iyong **narinig**. **Basahin** ninyong magkakapatid ang balitang ito.”

Ang mga mag-aaral na sina Joel Risco ng paaralang Sta. Cruz at Ariel Yamamoto ng mababang paaralan ng Coto mula sa lalawigan ng Zambales ay kapwa **tumanggap** ng gantimpala sa Ottawa, Canada. Silang dalawa ay **nakagawa** ng laruan sa pandaigdigang paligsahang “Kilusan Laban sa Basura.” Ang **ginamit** nila sa kanilang laruan ay mga lumang kagamitan tulad ng lata, kahoy, metal, tela, goma, kawad na plastik, at iba pa.

Garbo-Robot ang **ipinangalan** ni Joel sa kanyang **naglilinis** na robot. Isang *toy-mobile* ang nagpanalo naman kay Ariel.

“Wow ang galing po nila, Inay” ang pahangang **nabigkas** ng magkakapatid.

“Alam ninyo mga anak ang ginawa ng dalawang batang ito ay **itinanghal** sa isang museo sa Ottawa, Canada. Ang kopya ng mga orihinal na likha ay pinarangalan din ng kagawaran ng edukasyon sa kanilang ginawang eksibit sa Pasig,” ang patuloy na pagbabalita ng ina sa mga anak.

“Inay, narito na rin po pala ang interbyu sa kanila kung ano ang nais nilang gawin pagkaraan ng sampung taon,” ang pagbabalita ni Gina. “**Magtatatag** ako ng isang pambansang programa tulad ng Pandaigdig na Kilusan Laban sa Basura”, wika ni Ariel sa interbyu.

“**Magpapakadalubhasa** ako sa paggawa ng mga laruan mula sa itinatapong bagay. Gusto kong makagawa ng mga laruan para sa mga mahihirap na bata,” sagot naman ni Joel.

**Nagulat** ang mag-iina nang biglang **lumundag** si Jojo sabay **sigaw** nito. “Yeheey! **Tutularan** ko sila. Gagawa rin ako ng mga laruan.”

HA! HA! HA! HA! at **nagtawanan** ang lahat.

## 2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito.

Bilugan ang mga pandiwa sa mga pangungusap.

- a. Pinagsabihan ni Coring si Jojo.

- b. Nais ni Jojo na gumawa ng laruan.
- c. Nag-isip siya ng tamang paraan.
- d. Hindi siya pinigilan ng kaniyang ina.
- e. Pinuri siya sa pagiging matiyaga.

### 3. Pag-unawa sa napakinggan

- a. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong upang matiyak ang kanilang pagkaunawa sa napakinggan.
  - Ano ang ginagawa ni Jojo sa sala?
  - Bakit siya pinagsabihan ng kaniyang mga kapatid?
  - Ano ang balitang ipinabasa ng nanay sa magkakapatid?
  - Bakit nabigyan ng gantimpala sina Joel Risco at Ariel Yamamoto?
  - Dapat bang tularan ang mga batang nasa balita?
- b. Muling ipakuwento sa mga mag-aaral ang napakinggan. Maaaring gawing pangkatan ito. Sisimulan ng isang miyembro ng grupo ang kuwento at susundan naman ito ng isa pa hanggang matapos at makapagsalita ang lahat.

### 4. Kasanayang Panggramatika

#### Ang mga Pandiwa

Pandiwa ang tawag sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw. Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap upang tumukoy sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

May tiyak na salitang kilos o gawa ang tao, hayop, at mga bagay. Ang mga ito ay maaaring makita sa unahan o hulihan ng mga pangungusap.

#### Mga halimbawa:

- 1. Ang mga mag-aaral ay nagbabasa.

2. **Humuhuni** ang ibon.
3. Ang mga halaman ay **namumulaklak**.

**5. Pagpapayaman**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain A at B.

- a. Bilugan ang salitang kilos.
  1. Ang kanilang mga laruan ay itinanghal sa museo.
  2. Nakilala sila sa ibang bansa.
  3. Binigyan sila ng gantimpala.
  4. Sina Joel at Ariel ay nag-imbento ng laruan.
  5. May balita silang nabasa sa pahayagan.
- b. Ano ang mga salitang kilos o pandiwa na ginamit sa binasang kuwento? Isulat ang mga salitang ginamit ng mga tauhan sa kanilang diyalogo.

Nanay	Jojo	Ate

**C. Kongklusyon**

Isa-isang magsasalita o magbibigay ang mga mag-aaral ng pangungusap gamit ang iba't ibang mga salitang kilos na kanilang nalalaman. Gagamitin nila ang mga ito nang wasto sa araw-araw na pakikipag-usap sa paaralan o sa tahanan.

### 1. Paglalahat

Ang mga salitang ginagamitan ng kilos o galaw ay tinatawag na **pandiwa**.

### 2. Pagpapahalaga

Ano ang dapat mong gawin sa sumusunod na mga sitwasyon?

- a. Nakita mong tinangay ng malakas na hangin ang ilang basura sa loob ng inyong bakuran papunta sa inyong kapitbahay.  
\_\_\_\_\_
- b. Nakita mong ikinakalat ng alaga ninyong aso ang laman ng basurahan. \_\_\_\_\_

### Takdang Aralin

Sabihin sa mga mag-aaral na sumulat ng pangungusap na may pandiwa. Dalawang pangungusap tungkol sa gawaing bahay, dalawang pangungusap para sa gawaing pampaaralan, at dalawang ring pangungusap para naman sa gawaing pangkomunidad.



## Aralin 4 : Magagalang na Pananalita

### A. Panimula

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap.  
Basahin ang mga pangungusap na ito.

Opo. Natapos ko na po ang aking gawain.  
Salamat po sa pagtulong ninyo sa akin.

Mga tanong:

1. Anong mabuting ugali ang ipinapakita sa mga pangungusap na ito?
2. Paano maipakikita ang pagiging magalang?

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pampanitikan

Maraming paraan ang pagpapakita ng **paggalang**. Ito ay ginagamit sa iba't ibang pagkakataon tulad ng pagbati, pagtatanong, paghingi ng pahintulot, at iba pa.

Pakikinig: Basahin sa klase ang akda habang sinusundan ng mga mag-aaral ng tingin ang kanilang mga kopya.

#### Katangi-tanging Ugali

I

Ugaling kayganda  
na ating minana  
Paggalang sa kapwa  
Lalo na't matanda.

II

Salitang magalang  
Turo ng magulang  
Bigkasin ang po at opo  
Saanman mapadako.

### Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang teksto.

### Pamantayang Pagganap:

Nasasabi ang panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

### Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nahuhulaan ang mangyayari sa susunod na kuwento.
2. Nakapagsasadula ng mga sitwasyong kinakailangan ng paggalang.
3. Natutukoy ang diwa ng tekstong napakinggan/binasa.

III

Maraming salamat  
Puwedeng makiraan  
Gamitin tuwina  
Sa kapuwa man bata.

IV

Dapat nating igalang  
Itong kaugalian  
Tradisyon, kultura  
At sagisag ng bansa.

V

Igalang din naman  
Alaalang naiwan  
Nitong mga bayani  
Dangal nitong lahi.

VI

Respeto po lamang  
Ang kailangan  
Upang bawat isa  
Tunay na magkaisa.

VII

Gulo'y maiiwasan  
Kung iginagalang  
Ang karapatan  
Nitong mamamayan.

VIII

Kung madla'y magalang  
Walang alinlangan  
Mga kapayapaan  
Uunlad ang bayan.

**Sanggunian:** *Buklod 2*, pahina 26 – 27,  
Nina Carmelita B. Dizon at Liza M. Demi

## 2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito.

Pagtambalin ang magkaugnay na pananalita. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

___ 1. Magandang tanghali po.	a. Bati sa gabi
___ 2. Magandang umaga po.	b. Bati sa tanghali
___ 3. Magandang gabi po.	c. Bati sa umaga
___ 4. Salamat po.	d. Sinasabi kung nagpapasalamat

## 3. Kasanayang Panggramatika

### Ang Mga Magagalang na Salita

Ang pagpapakilala ay isang paraan ng pagkakaroon ng maraming kakilala at kaibigan. Isa pa rito, ito ay isa sa mga paraan kung saan maipakita mo ang wastong paggamit ng magagalang na pananalita sa pagpapakilala ng iyong sarili sa ibang tao.

Mga halimbawa:

Magandang umaga po. Ako po si Donabelle Alvarez. Kumusta po kayo?

## 4. Pagpapayaman

Pag-usapan sa klase ang mga naunawaan nila sa narinig o binasa.

- a. Ipasagot ang mga tanong.
  - Anong magandang ugali ang ating minana sa ating mga ninuno?
  - Ano ang itinuturo ng mga magulang sa anak?

- Sino-sino ang ating dapat igalang?
  - Ano-ano ang bagay na dapat igalang?
  - Bakit dapat tayong maging magalang?
- b. Ano kaya ang maaaring mangyari kung:
- Hindi tayo gagamit ng po at opo sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda o awtoridad?
  - Hindi natin igagalang ang kaugalian, tradisyon at gawain ng mga Pilipino?
  - Patuloy nating igagalang ang ala-ala ng ating mga bayani?
  - Irerespesto natin ang bawat isa.

### 5. Pagpapalawig

Pagpangkat-pangkat ang klase sa apat na grupo. Magsasadula sila ng mga sitwasyon na nagpapakita ng wastong paggamit ng magalang salita sa mga tao.

### C. Kongklusyon

#### Paglalahat

Maraming paraan ng pagpapakita ng paggalang. Ito ay ginagamit sa iba't ibang pagkakataon tulad ng pagbati, pagtatanong, paghingi ng pahintulot, at iba pa.

#### Pagpapahalaga

Lagyan ng tsek (✓) ang tapat ng bilang kung tama ang isinasaad ng pangungusap.

1. \_\_\_ Tumitigil sa paglakad sa tuwing umaawit ng pambansang awit.
2. \_\_\_ Inaaway at inaagawan ng laruan ang kaibigan.

3. \_\_\_ Nag-aagawan sa upuan.
4. \_\_\_ Nagmamano sa tatay at nanay.
5. \_\_\_ Bumabati sa mga taong nakakasalubong.

### **Takdang Aralin**

Alin ang pangungusap na nagsasabi ng pangunahing diwa ng teksto? Bakit? Ipaliwanag.

- a. Ang lahat ng tao ay masaya.
- b. Ang batang gumagamit ng po at opo lamang ang magagalang.
- c. Ang pagiging magalang ay naipakikita sa iba't ibang paraan.